AJOSSH
ASEAN JOURNAL OF SOCIAL SCIENCES AND HUMANITIES

# PONOLOHIKAL NA KAMALIAN SA PAGKILALA NG SALITA SA PAGBASA SA FILIPINO

**Charlene L. Uson**

Benguet State University, Benguet Philippines, charlene.uson@deped.gov.ph **0009-0005-4627-4706**

**Article History:** Received 5 December 2023; Received in revised form 10 June 2024; Accepted for publication 21 July 2024; Published December 2024

## ABSTRACT

Phonological errors can hinder reading fluency and comprehension, underscoring the significance of having well-rounded phonological skills in learning literacy. It is crucial to analyze the phonological errors of students, which directly affect word recognition and the development of an individual's reading and communication skills. Word recognition is a skill-based process that requires an individual to read most of the words to get the meaning. According to Kiew and Shah (2020), comprehension is the processing of information from the text to obtain the meaning of the word. This study aims to identify the phonological errors and causes of these errors among Grade 7 students who are at a frustration level in reading Filipino. This research includes nine assessed students under frustration levels who were identified to have frustration levels in word recognition from one public school in Baguio City, School Year 2023-2024. The researcher used quantitative and qualitative descriptive methods to analyze the phonological errors in the students' reading. The assessment tool of the Oral Reading Test from Phil-IRI was used to identify the Oral Reading Miscues and analyze the identified respondent's phonological errors. The result of the Oral Test was analyzed through frequency analysis, which is mean and mode. The result showed that the main errors in the reading of the students are repetition, substitution, and omission. These miscues have an effect on the reading process of the students. The unfamiliar words and non-active involvement of students were identified as the main cause of the phonological error.

**Keywords:** *phonological error, word recognition, frustration level, and oral reading assessment*

## ABSTRAK

Ang ponolohikal na kamalian ay maaaring maging hadlang sa katatasan at pag-unawa sa pagbasa. Binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mahusay ng kakayahang ponolohikal sa proseso ng pagkatuto ng literasiya. Isang kritikal ang pagsusuri sa kamaliang ponolohikal dahil tuwirang nakakaapekto ito sa pagkilala ng mga salita at pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa at komunikasyon ng isang indibiduwal. Ang pagkilala ng salita ay prosesong nakabatay sa kasanayan dahil ito ay pamamaraan ng isang indibiduwal na basahin ang mga salita upang makuha ang kahulugan. Ayon kina Kiew at Shah (2020), ang pag-unawa ay ang pagproseso ng impormasyon mula sa teksto upang makuha ang kahulugan ng salita. Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang ponolohikal na kamalian at dahilan nito sa pagbabasa ng mga mag-aaral ng Filipino. Sinuri sa pananaliksik na ito ang siyam na mag-aaral mula sa isang pampublikong paaralan sa Baguio City, Panuruang 2023-2024 na nasa ilalim ng antas ng pagkabigo sa pagkilala ng salita. Gumamit ang mananaliksik ng kuwantitatibo at kuwalitatibong deskriptibong pamamaraan upang masuri ang mga ponolohikal na kamalian sa pagbabasa ng mga mag-aaral. Ginamit ang Oral Reading Test mula sa PHIL-IRI upang matukoy ang kamalian sa pasalitang pagbasa at masuri ang kamaliang ponolohikal ng mga natukoy na mag-aaaral. Ang resulta ng Oral Test ay sinuri gamit ang frequency analysis na mean at mode. Lumabas sa resulta ng pananaliksik na ang pangunahing ponolohikal na kamalian sa pagbabasa ng mga mag-aaral ay pag-uulit, pagpapalit at pagkakaltas. Ang mga kamaliang ito ay may epekto sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang natukoy naman na dahilan kung bakit may kamalian sa ponolohikal sa pagbabasa ng mga mag-aaral ay dahil hindi sila pamilyar sa mga salita at ang hindi pagiging aktibong pakikisangkot sa pagbasa.

**Keywords:** *kamaliang ponolohikal, pagkilala ng mga salita, antas ng pagkabigo, oral reading assessment*

## INTRODUKSIYON

Ang pagbabasa ay ang kakayahan ng isang tao upang makakilala at makakuha ng ideya at kaisipang sagisag ng nakalimbag upang mabigkas. Ito ay pagkilala sa kaisipan mula sa mga simbolo. Hindi lamang ito simpleng pagsulyap ng mga nailimbag na titik at salita, bagkus bahagi ng proseso ang pagtukoy sa makabuluhan o mahalagang mensaheng nakasulat (Nuncio et al., 2013). Maraming naibibigay ang pagbabasa. Una, nalalaman ng isang mambabasa ang mga pangyayari sa kanyang paligid. Ikalawa, ang pagbasa ay mahalagang aralin sa paaralan dahil ito ang susi ng tagumpay sapagkat ang mga mag-aaral ay kailangang magbasa upang makatuklas ng maraming bagay at sa ganitong paraan, napapahalagahan ang kaniyang kalinangan. Maliban dito ay nagiging malawak pa ang kaisipan ng isang taong palabasa (Mag-atas et al., 2008). Ayon sa dating pananaw, ang pagbasa ay pagbibigay ng ideya sa kaisipan na nasa teksto.

Sa pagtuturo rin ng wika, ang pagbabasa ay kasabay ng pakikinig, pagsasalita, pagsusulat at panunuod. Sinusuportahan naman nito ni Spalding (1972) na ang makrong- kasanayang ito ay kauri ng pag-iisip. Dagdag pa nina Martin at Carlson (2018), ang humuhubog sa pagbasa ng isang indibiduwal ay ang kanyang kapaligiran. Ang pagbasa ay isang susi sa pagtamo ng karunungan at tagumpay (Castles et al., 2007). Nakasalalay sa pagbasa ang mabilis na pagkatuto kaya't hindi mapasusubalian ang halaga ng kasanayang ito sa isang mag-aaral. Lumabas sa pagsusuri ni Munger (2016) na ang hindi matagumpay na pagpapaunlad sa kamalayan sa mga tunog ay nagdudulot ng kahirapan sa pagkatuto ng pasalita at nakaimprintang kagamitan na kailangan sa pagkatuto ng pagbabasa. Samantalang ayon naman kay Jegerski (2014), ang pagkilala ng salita at pag-unawa sa kahulugan ay maglalarawan sa kognitibong proseso ng wika. Kaugnay nito ay ang pag-aaral nina Milankov et al. (2021) na nagsasabing nakakaapekto ang pagkilala ng mga salita at ang kamalayang ponolohikal sa pagbasa. Pinapatunayan nito na may impluwensiya ang kamalayang ponolohikal sa pagbasa. Sa aspeto ng kamalayang ponolohikal, susuriin ang elementong nakakaapekto sa pagbasa ng mga mag-aaral sa mga salita. Ang kakayahang pagbaybay ay may kaugnayan sa kamalayang ponolohikal ng pagbabasa ng isang bata lalo ang yunit ng ponema. Maraming teorya sa pagtamo ng pagbasa (Elhassan et al., 2017) ngunit ang mga pag-aaral ay sumusuri lamang sa paunang yugto sa pagkatuto ng isang indibiduwal. Bagama't may mga pag-aaral sa mga aspetong tunog, pagkilala ng salita, at pag-unawa, limitado ang pagsusuri sa kamaliang ponolohikal mula sa oral reading ng isang indibiduwal. Lumalabas din na wala pang pananaliksik ang naisasagawa upang suriin ang ponolohikal na kamalian ng mga mag-aaral sa sekondarya partikular sa mga nasa unang taon (Ziegler at

Goswani, 2005) kaya't isang paghimok at pag-udyok sa mananaliksik ang pag-aaral at paggalugad sa aspetong ito ng pagbasa. Sa pagpapakahulugan ni Hanks (2013), ang ponolohikal na kamalian ay sanhi ng hindi maayos na koordinasyon ng labi, dila, ngipin, palatong at panga ng isang indibiduwal. Sa pagpapaliwanag ni Ware (2013), kailangang ng higit na pananaliksik sa ponema at kamalayang ponolohikal upang mabigyang linaw ang hamon ng pagbasa at komunikasyon.

Dahil sa mga nakikitang kakulangan sa pananaliksik, nilalayon ng papel na ito na matukoy ang pangunahing ponolohikal na kamalian sa pagbabasa ng mga mag-aaral na nasa kabiguang antas. Binigyang kasagutan sa pananaliksik ay ang mga tanong ukol sa mga pangunahing pagkakamali sa pagbasa ng mga mag-aaral na nasa pagkabigong antas mula sa ika-pitong baitang; at ang mga dahilan ng ponolohikal na kamalian sa pagbabasa ng mga natukoy na mag-aaral ng isang pampublikong paaralan ng Baguio City sa Taong Panuruan 2023-2024. Sa pananaliksik na ito ay natukoy ang pangunahing kamalian ng pagbabasa ng mga mag-aaral at nasuri ang kadahilanan ng mga ito na makapagbibigay ng tulong sa mga guro upang maunawaan ang mga kamaliang nabibigkas ng mga mag-aaral upang tugunan ang aspetong ito ng pagkatuto. Sa pananaliksik pa nina Honrado at Biray (2022), ang malalim na pagtukoy sa pangunahing dahilan ng ponolohikal na kamalian ay isang pagpapalawak sa pananaliksik ng pagbabasa bilang isang makrong-kasanayan ng bawat mag-aaral. Magdudulot ito ng mas malalim na pag-unawa at mas epektibong paraan sa pag-unlad ng edukasyon at wika.

## METODOLOHIYA

Ang pag-aaral ay gumamit ng kuwantitatibo at kuwalitatibong deskriptibong pananaliksik. Gumamit ng estadistika ang mananaliksik para sa unang suliranin na pag-aanalisa sa frequency, pagbabahagdan at pagraranggo upang tukuyin ang kadalasang kamalian sa ponolohikal na aspeto. Ginamit pa rin ang kuwalitatibong deskriptibong pananaliksik upang siyasatin at malalim na ilarawan ang dahilan ng mga kamalayang ponolohikal sa kamalian ng pagbabasa ng mga mag-aaral.

Kasangkot sa pananaliksik ang siyam na mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng isang pampublikong paaralan sa Lungsod ng Baguio sa Taong Panuruan 2023-2024 na natayang nasa pagkabigong antas ng pagbasa.

Ginamit ng mananaliksik ang resulta ng *Oral Individual Test* ng *Philippine Informal Reading Inventory* sa pagkilala ng salita na nakalap sa pamamagitan ng nasabing kagamitan ng pagtatasa ng pagbasa. Ang *Oral Individidual Test* ay ang pagbabasa ng malakasan ng mga mag-aaral upang


mataya ang *word recognition*, *reading fluency at comprehension level* batay sa *PHIL-IRI Manual* (2018). Ang Phil-IRI ay isang *informal reading inventory* na ipinatupad ng Kagawaran ng Edukasyon noong Taong Panuruan 2011-2012 hanggang sa kasalukuyan na naglalayong malaman ang kanilang kakayahan sa pagbasa at ang kanilang kahinaan sa pagbasa. Ang kagamitang ito ay makatutulong sa pagtaya sa kakayahang pagbababasa ng mga mag-aaral.

Mula sa resulta ng *Oral Individual Test* ng *Phil-IRI* ay sinuri ng mananaliksik ang lumabas na mga salitang natukuyan ng pagkakamali at bilang ng pag-uulit sa kamalian sa pagbasa ng mga mag-aaral. Gamit ang *frequency analysis* na *mean* at *mode* ay ipinaliwanag at tinalakay ang lumabas na mga pangunahing ponolohikal na kamalian sa pagbabasa na nagagawa ng mga mag-aaral na nasa kabiguang antas ng pagbasa Filipino.

Gumamit naman ang mananaliksik ng *A Priori Code* sa pagbuo ng talatanungan upang malinaw at masuri ang mga dahilan ng mga ponolohikal na kamalian ng pagbabasa ng mga mag-aaral na nasa pagkabigong antas ng pagbasa ng Filipino. Matapos ay isinagawa ang pag-*transcribe* sa mga impormasyong nakalap at gumamit ng *Thematic Analysis* upang mabuo ang pangunahing tema sa nakalap mula sa mga kasangkot. Ipinaliwanag, sinuri, at binigyan ng mas malalim na pagpapakahulugan ng pananaliksik ang mga temang nabuo.

**Figyur 1.**

*Paradim ng Pag-aaral*




Ipinapakita sa bahaging ito ang banghay at buod sa isinagawang pananaliksik. Sa input ng pananaliksik ay ginamit ang resulta ng *Oral Reading Test* ng *Phil-IRI* upang mabigyang linaw ang unang layunin ng pananaliksik. Gumamit rin ang mananaliksik ng mga gabay na tanong

sa pakikipanayam upang masagutan ang ikalawang layunin. Ang mga ito ang nagsilbing mga datos at impormasyon na ginamit sa pananaliksik. Sa proseso, ang resulta ng *Oral Reading Test* ay sinuri upang matukoy ang mga ponolohikal na kamalian sa pagbasa ng mga mag-aaral sa kabiguang antas. Matapos nito ay kinapanayam ng mananaliksik ang mga natukoy na mag-aaral sa dahilan ng ponolohikal na kamalian sa pagbabasa ng mga mag-aaral. Ang mga nabanggit ay ang mga hakbang na ginawa ng mananaliksik upang maproseso at masuri ang mga datos mula sa input. Ang awtput ay ang resulta ng kabuoang pag-aaral. Natukoy ang mga pangunahing ponolohikal na kamalian sa pagbabasa ng mga mag-aaral mula sa kabiguang antas at nasuri ang mga dahilan ng ponolohikal na kamalian sa pagbabasa ng mga mag-aaral sa kabiguang antas ng pagbasa ng Filipno.

## RESULTA AT DISKUSYON

Inilahad sa bahaging ito ang kinalabasan ng pananaliksik. Tinalakay ang resulta kung ano-ano ang ponolohikal na kamalian at dahilan sa mga kamaliang ito ng pagbabasa ng mga mag-aaral na nasa pagkabigong antas ng pagbasa ng Filipino.

### 3.1 Ponolohikal na Kamalian

Ipinakita sa Talahanayan 1 na may pitong uri ng pagkakamali ang binigyang pansin ng guro sa pagtatasa sa indibiduwal na pagbasa sa isinagawang *Phil-IRI*, at ito ang mga sumusunod: *maling bigkas, pagkakaltas, pagpapalit, pagsisingit, pag-uulit, pagpapalit ng lugat* at *paglilipat*. May kabuoang siyam na mag-aaral sa ikapitong baitang ang sumalang sa pagtatasa. Pitong mag-aaral ang mula sa ikaapat na antas sa pagbasa at dalawang mag-aaral sa ikalimang antas ng pagbasa. Patunay ito na ang kanilang kasalukuyang grado ay hindi angkop sa kanilang antas ng pagbasa na kailangang tugunan ng mga guro lalo na ang mga guro sa wika.

**Talahanayan 1**

*Mga Salitang Natukuyan ng Pagkakamali at Bilang ng Pag-uulit sa Kamalian ng Pagbasa*

| Uri ng pagkakamali | Salitang may pagkakamali | Pagkakabasa ng mga mag-aaral | Bilang ng pagkakamali | Ranggo |
|---|---|---|---|---|
| **Maling bigkas** | /pu.NÓ/ | /PU.nò/ | 4 | 1 |
| | /pa.RÓL/ | /PA.rol/ | 1 | 4.5 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | /PA.ràng/ | /pa.RANG/ | 1 | 4.5 |
| | /LUNG.sód/ | /lung.sôd/ | 1 | 4.5 |
| | /BA.gò/ | /bs.GO/ | 1 | 4.5 |
| | /mag-Anàk/ | /mag-anák/ | 2 | 2 |
| **Pagkakaltas** | Nagsimula | Nagmula | 3 | 3 |
| | Isinasagawa | isinagawa | 6 | 1 |
| | malulungkot | malungkot | 5 | 2 |
| | Hinawakan | Hinawak | 2 | 5 |
| | Inyong | Inyo | 2 | 5 |
| | Nagsisilbi | Nagsilbi | 2 | 5 |
| | Kanyang | Kanya | 1 | 6 |
| **Pagpapalit** | pamumukadkad | pamumulaklak | 3 | 3.5 |
| | Karosang | karosong | 2 | 6 |
| | Muli | Mula | 1 | 9.5 |
| | Ng | ang/sa | 5 | 2 |
| | Ang | ng/ay | 7 | 1 |
| | At | Sa | 2 | 6 |
| | Ipinaparada | ipinagdiriwang | 3 | 3.5 |
| | kanilang | Kaniyang | 1 | 9.5 |
| | may | Mga | 1 | 9.5 |
| | mabigyan | Mabigay | 2 | 6 |
| | gagawin | Gawain | 1 | 9.5 |
| **Pagsisingit** | tawag | Tinatawag | 2 | 2.5 |
| | ipinakita | ipinapakita | 3 | 1 |
| | maiangat | maiangatan | 1 | 4.5 |
| | magaganda | magagandang | 2 | 2.5 |
| | malaking | malalaking | 1 | 4.5 |
| **Pag-uulit** | maraming | | 1 | 13.5 |
| | maiangat | | 1 | 13.5 |
| | Panagbenga | | 1 | 13.5 |
| | naggagandahang | | 3 | 2 |
| | parada | | 1 | 13.5 |
| | magaganda | | 2 | 5 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | binibigyang | | 1 | 13.5 |
| | nagsimula | | 1 | 13.5 |
| | malagim | | 2 | 5 |
| | pinakasikat | | 2 | 5 |
| | ipinaparada | | 1 | 13.5 |
| | masaganang | | 1 | 13.5 |
| | napawi | | 1 | 13.5 |
| | mag-anak | | 1 | 13.5 |
| | pangaral | | 1 | 13.5 |
| | pangaral | | 1 | 13.5 |
| | tandang-tanda | | 2 | 5 |
| | magpapaalaala | | 4 | 1 |
| | malulungkot | | 2 | 5 |
| **Pagpapalit ng lugar** | kanyang | kanya ng | 1 | 1.5 |
| | tumulo ang | Tumulong | 1 | 1.5 |
| **Paglilipat** | pista | Pitsa | 3 | 2 |
| | malagim | Malamig | 4 | 1 |
| | bintana | Binata | 1 | 3.5 |
| | pangaral | Parangal | 1 | 3.5 |

Base sa resulta ng isinagawang *Phil-IRI*-Indibiduwal na pagbasa, may anim na salitang natukoy sa maling bigkas, nanguna ang salitang /pu.NÓ/ na nabibigkas na /PU.nò/ at sumunod naman ang salitang /mag-Anàk/ na nabibigkas na /mag-anák/. Sa pagkakaltas naman, may pitong salita ang natukoy at nanguna ang salitang *"isinasagawa"* na binabasang *"isinagawa"*, kasunod ang *"malulungkot"* na binabasang *"malungkot"*. Sa pagpapalit ay may labing-isa na natukoy na salita at nanguna ang *"ang"* na napapalitan ng *"ng"* o *"ay"*, sumunod ay ang *"ng"* na napapalitan ng *"ang"* o *"sa"*. Sa pagsisingit ay ang salitang *"ipinakita"* na nababasang *"ipinapakita"* ang nanguna. Sumunod ay ang mga salitang *"tawag"* na nababasang *"tinatawag"* at ang *"magaganda"* na nababasang *"magagandang"*. May labinsiyam na natukoy na mga salita sa pag-uulit, nanguna ang salitang *"magpapaalaala"* at sumunod ang *"naggagandahang"*. Sa pagpapalit-lugar ay may natukoy lamang na dalawa ang salitang *"kanyang"* na nababasa bilang *"kanya ng"* at ang *"tumulo ang"* na nababasang *"tumulong"*. Sa paglilipat naman ay may apat na salitang natukoy, nanguna ang salitang malagim na nababasang

malamig at sumunod ang *"pista"* na nababasang *"pitsa"*.

Mula sa mga salitang nasuri ng pagkakamali sa pagbasa ay kakikitaan ito ng kahinaan ng mga mambabasa na makakilala ng mga tamang titik, tunog at salita. Ang pagkilala ng salita ay isang proseso na nagaganap sa isang indibiduwal na nagbabasa na iproseso ang nailimbag patungo sa pasalita. Ito ay kinabibilangan ng pagtukoy ng salita mula sa sight words identification at ang kaniyang kakayahang magdecode ng ponema upang mabigkas ang mga hindi pamilyar na salita (Gabig, 2010). Ito ay ang yugto na makita ng mambabasa ang mga salita at makilala agad ang bigkas ng walang kahirapan.

Sa kamalian ng mga mag-aaral sa pagbigkas ng mga salita mula maling pagbibigay-diin ng salitang /pu.NÓ/ na nabibigkas na /PU.nò/ ay makapagbibigay ito ng maling kahulugan ng salita. Ang salitang / pu.NÓ/ na binigkas ng may diin ang ikalawang pantig ay karaniwang ginagamit bilang isang pang-uri o pangngalan na tumutukoy sa isang malaking uri ng halaman na may bahaging tulad ng katawang kahoy samantalang ang /PU.nò/ na binigkas ng may diin sa unang pantig ay ginagamit bilang pandiwa na nangangahulugang punuin o lagyan ng laman. Ang mga nabanggit na kamalian sa pagbabasa ng mga mag-aaral ay magdudulot ng ibang mensahe ng pangungusap mula sa teksto. Gayundin sa kamalian sa paglilipat na tulad ng salitang *"pista"* na binasang *"pitsa"* ay nakapagbibigay ng ibang kahulugan. Ang pista ay tumutukoy sa pagdiriwang o ang okasyon na karaniwang sinasamahan ng pagkain, musika, sayawan at mga iba pang gawain samantalang ang *"pitsa"* ay tumutukoy naman sa isang uri ng pagkain na gawa sa manipis na masa na may sarsa, keso at iba pang pampalasa na isang kilalang pagkain sa buong mundo. Sa kamalian sa pagpapalit na tulad ng salitang *"pamumukadkad"* na binigkas bilang *"pamumulaklak"* ay may magkaibang kahulugan din. Ang salitang *"pamumukadkad"* ay ang pagbubukas ng mga bulaklak ng isang halaman ng nagiging maganda at kaakit-akit sa mga insekto samantalang ang *"pamumulaklak"* ay ang proseso ng paglaki ng mga bulaklak mula sa usbong hanggang sa ito ay buong bumukas o ang pag-unlad ng bulaklak. Patunay sa pag-aaral nina Mahmud at Gopal (2018) na ang pagkakamali ng mga mag-aaral sa pagbasa ay normal dahil ito ay dumadaan sa prosesong kaisipan ng isang indibiduwal.

Ang mga pagtalakay na ito sa mga uri ng mga salitang nasuri ng pagkakamali ay may malaking gampanin sa pagbasa. Magsisilbing kapakinabangan sa mga mambabasa kung ang paunang layunin ng pagbasa ay natitiyak at awtimatikong nakikilala sa salita (Garnett, 2011). Ang pagkilala ng salita at pagtukoy sa bigkas nang walang hirap ay ang dalawang kritikal na sangkap sa simpleng kasanayan sa pagbasa. Ito ang magiging pundasyon ng pag-unawa ng mambabasa sa kahulugan ng

salita. Sa maling pagkilala ng mga salita ay makapagdudulot ito ng maling kahulugan ng teksto na siyang magpapaliwanag sa kritikal na sangkap ng pagbasa.

Sa kamalian ng mga mag-aaral ng salita sa pagkakaltas tulad ng *"isinasagawa"* na binabasang *"isinagawa"* gayundin sa kamalian sa pagsisingit mula sa salitang *"tawag"* na nabigkas bilang *"tinatawag"* at ang mga pag-uulit na mga salita ay maiuugnay sa pananaliksik nina Kuan-Jung at Staub (2021) na mula sa *rational inference* na pinupunan ng mambabasa ang mga puwang sa kaniyang binabasa gayundin ang mga hindi pamilyar sa kaniya na mga salita. Bahagi ito ng kognitibong sistema ng pag-unawa sa kabuoang pagkakagamit ng salita sa pahayag at hindi lamang sa pagtukoy sa mga salita. Ang ugnayan ng pagkilala ng salita at ang pag-unawa sa binabasa ay isang paksang patuloy na pinag-aaralan. Sa pagtukoy ng *reading profile* ng mga mag-aaral sa napaunlad ng *Phil-IRI* ng Kagawaran ng Edukasyon sa ilang mga baitang, kakikitaan lamang ito ng dalawang aspekto upang mataya ang kasanayang pagbasa- ang pagkilala ng salita at pag-unawa ng pagbasa.

Ayon sa National Institute of Chid Health Human Development (NICHD, 2000), ang pinakamainam na pampagtuturo sa pagbabasa ay tahasang pagpapaunlad sa limang aspeto: *ponetikong kamalayan, palatinigan, katatasan, talasalitaan* at *pag-unawa*. Ang unang dalawang nabanggit ay mahalagang sangkap ng mahusay na pag-unawa sa pagbasa. Ang *Oral Reading* ng *Phil-IRI* ay isang pagtataya ng malakasang pagbasa kaya natataya ang pagkilala ng salita, katatasan ng pagbasa at lebel ng komprehensiyon. Natutukoy ang mga iba't ibang kamalian ng maling bigkas, pagkakaltas, pagpapalit, pagsisingit, pag-uulit, pagpapalit ng lugar, paglilipat at iba pang mga kamalian na sumasakop sa wastong pag-*decode* ng mga salita. Batay rin sa paglalarawan nina Munger at Kristen (2016), ang pagtutugma ay ang pinakauna at pinakamadaling natatamo ng mga bata. Kasunod nito ay ang pagpapantig na higit na komplikado sa pagkatuto. Ang yunit ng ponema na isang espisipikong elemento ng pagbaybay ay may kaugnayan sa kamalayang ponolohikal ng isang bata (Milankov et al., 2021).

**Talahanayan 2**
*Pangunahing Pagkakamali sa Pagbasa ng mga Mag-Aaral*

| Uri ng pagkakamali | Frequency | Ranggo |
|---|---|---|
| **Maling bigkas** | 10 | 4 |
| **Pagkakaltas** | 21 | 3 |
| **Pagpapalit** | 28 | 2 |
| **Pagsisingit** | 9 | 5.5 |
| **Pag-uulit** | 29 | 1 |
| **Pagpapalit ng lugar** | 2 | 7 |
| **Paglilipat** | 9 | 5.5 |

Ipinapakita sa Talahanayan 2 na sa pitong uri ng pagkakamali mula sa *Oral Reading Assessment* ng *Phil-IRI*, ang nanguna ay ang *pag-uulit* na may 29 na frequency. Ikalawa ay ang pagkakamaling *pagpapalit* na may 28 naman na frequency at ikatlo ay ang *pagkakaltas* na may 21 na frequency.

Ang *pag-uulit* ang nanguna sa uri ng pagkakamali ng mga mag-aaral na may naitalang naitalang 29 na *frequency*. Inuulit ng mga mambabasa ang pagbasa sa mga salita o mga pahayag sa teksto. Kadalasang hindi napapansin ng mga mag-aaral ang pag-uulit ng mga salitang ito na parehong lumabas sa pag-aaral nina Staub et al. (2024) na nagpaliwanag na ang kamalian sa pagbasang ito ay nangyayari kung hindi sigurado ang mambabasa sa salita at nais nitong subuking unawain ang teksto. Kung susuriin, ito ay magpapakita ng kamalian sa pagbabasa ng isang mag-aaral ngunit sa paglalarawan ni Mahmud at Gopal (2018) tinukoy niya ito bilang isang kalakasan ng isang mambabasa. Ito ay isang pagpapatunay na sinusuri ng isang indibiduwal ang mga salitang kaniyang binabasa lalo pa ang mga salitang hindi pamilyar sa kaniya. Nagiging aktibo ang isipan ng mambabasa sa pag-unawa sa teksto. Nagaganap ang pag-uulit ng salita kung ito ay kinukumpirma ng mambabasa ang kahulugan ng salita sa kaniyang isipan na mula sa nakalathala. Sa kabilang banda, nagkakaroon ng pag-uulit sa pagbasa dahil hindi pamilyar ang mag-aaral sa mga salitang kaniyang binabasa. Ito ay nagpapatunay na hindi napaunlad nang husto ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa kaya ito ay nagaganap.

Ang kasunod ay ang *pagpapalit* na pagkakamali sa pagbabasa ng mga mag-aaral na may naitalang 28 sa frequency. Mula sa naitala, pinapalitan ng mga mambabasa ang mga salita kabilang ang mga pang-ukol at pang-ugnay. Ang pagpapalit ng mga ito ay nagdudulot ng pagbabago sa mensahe ng teksto at nagiging sanhi rin ito ng kamalian sa gramatikal na aspekto

ng mga pangungusap. Tulad na lamang ng mga salita sa talahanayan na *"muli"* na nabasa bilang *"mula".* Ang salitang *"muli"* ay pagpapahiwatig ng isang bagay na ginawa muli samantalang malayo ito sa kahulugan ng *"mula"* na nangangahulugang simula o ang pinagmulan ng bagay. Gayundin ang salitang *"ipinaparada"* na nabasa bilang *"ipinagdiriwang"*. Ang *"ipinaparada"* ay maaaring magbigay ng dalawang kahulugan na idinaadaan sa isang partikular na lugar o ang paglalagay sa isang tiyak na lokasyon o lugar samantalang ang *"ipinagdiriwang"* ay ang pangyayaring ginagawang espesyal o okasyon. Ang pagpapalit ay magdudulot ng kamaliang gramatikal tulad ng pang-ukol na *"ng'* na nabasa bilang *"ang"* o *"sa"*. Ang tatlong nabanggit na bahagi ng pananalita ay may iba't ibang gampanin. Tulad ng "ang" na isang tiyak na pantukoy na maaaring tumutukoy ng partikular na tao, bagay, o ideya. Samantalang ang *"sa"* ay isang pang-ukol na nagpapakita at nagpapahayag ng kinalalagyan o direksiyon. Ang *"ng"* naman ay isang pang-ukol na nagpapakita ng pag-aari at nagpapahayag rin ng relasyon. Ang pagpapalit sa mga nabanggit na mga kataga ay magdudulot ng hindi lamang pag-iiba ng mensahe kundi maging ang pagpapamali sa gramatika. Sa resulta ng pag-aaral nina Mahmud at Gopal (2018), nakita rin sa pag-aaral na ito ay ang pagpapalit na pagkakamali ay maaaring maganap mula sa pagpapalit ng tunog o mga salita. Ang pagpapalit na mga ito ay makapagbibigay ng bahagya o matinding epekto sa kahulugan ng teksto.

Ang pangatlo ay ang *pagkakaltas* na may frequency na 21. Ang pagkakaltas sa pagbasa ay kakikitaan ng kakulangan sa kasanayang ito partikular na ang bokabularyo at pag-unawa. Ang kamaliang ito ng pagbasa ay pagtanggal ng mga ponema o maging salita sa tekstong nailimbag. Mula sa Talahanayan 1, kabilang dito ang mga salitang *"isinasagawa"* na binasa bilang *"isinagawa"*, *"malulungkot"* na binasa bilang *"malungkot"* at ang *"nagsimula"* na binasa bilang *"nagmula".* Katulad ng pag-uulit, ang pagkakaltas bilang kamalian sa pagbabasa ay parehong hindi namamalayan o napapansin ng mambabasa. Ang pagkakaltas ay nagaganap kapag ang mga mag-aaral ay nagbabasa ng mabilisin (Mahmud & Gopal, 2018). Sa *Phil-IRI Oral Individual Test* may malaking gampanin ang oras ng pagbasa ng mga mag-aaral sa pagtukoy sa kanilang antas ng kasanayang ito.

Sa pananaliksik ni Purnama (2019), kaniyang isinasaad na nakapagbibigay ng maling kahulugan at nakakahadlang sa komunikasyon ang ponolohikal na pagkakamali, ipinaliwanag din niya na ang mga ponolohikal na pagkakamali ay magdudulot sa mga mambabasa na hindi maunawaan ang konteksto na kaniyang binabasa. Sa kabilang banda, lumalabas na sa mga diptonggo nagkakaroon ng pagkakamali sa pagbasa ang mga mag-aaral na sinuportahan naman ito ng resulta ng pananaliksik ni Risdianto (2017), kung saan pinapakita sa pag-aaral na ang kamalian

sa pagproseso ng nailimbag na letra ay maaaring makaimpluwensiya sa pag-unawa ng isang bata sa kaniyang binabasa. Pinapakahulugan nito na ang pagkilala ng salita at ang pagtukoy sa bigkas ng walang hirap ay ang dalawang kritikal na sangkap ng simpleng pananaw ng pagbasa. Dagdag pa rito ay ang pananaliksik nina Al-Rubaat at Alshammari (2020) na kung saan ang mga mag-aaral ay nakararanas ng pagkakamali sa ponolohiya sa pagbigkas ng mga salita. Partikular na tinukoy sa pananaliksik nina Honrado at Biray (2022) ang kamalian sa katinig na mula sa pagsusuri ng pagbasa ng mga mag-aaral ay may pagkakamali sa artikulasyon ng katinig. Mula sa mga mananaliksik na nabanggit, pinatutunayan na nagdudulot ng hamon ang ponolohikal na kamalian sa pag-unawa at pagbabasa ng mga mag-aaral. Ang maling pagtamo ng kahulugan ng salita sa pagbasa ay makakaapekto sa pag-unawang kakayahan ng mga mag-aaral. Sa pananaliksik na ito ay nasuri ng guro ang mga ponolohikal na kamalian sa pagbasa ng mga mag-aaral sa tulong ng *Oral Individual Test* ng *Phil-IRI* na ang tatlong pangunahing pagkakamali sa *pag-uulit, pagpapalit* at *pagkakaltas*.

### 3.2 Dahilan ng Ponolohikal na Kamalian sa Pagbabasa ng mga Mag-aaral na nasa Kabiguang Antas ng Pagbasa ng Filipino

Sa kalagayan ngayon ng mga paaralan, tinalakay ni Milankov et al. (2021) na makikitang ang pagtugon sa problema ng pagbabasa ay masinsinang tinutugunan sa akademiko kaya't bumababa na ang bilang ng may mababang antas ng pagbasa. Sa pananaliksik, natukoy ang mga dahilan ng ponolohikal na kamalian sa pagbabasa ng mga mag-aaral na nasa kabiguang antas ng pagbasa ng Filipino.

Sa isinagawang pananaliksik, natuklasang ang hindi pamilyar na salita ang isa sa dahilan ng ponolohikal na kamalian.

#### 3.2.1 Hindi pamilyar na salita

Mababatid na may balakid sa pagbasa ng mga mag-aaral sa mga salita dahil sa kakulangan ng kaalaman nila rito. Ang dating kaalaman, talasalitaan, at estruktura ng wika, kakayahang pangangatuwiran at pampanitikan ay magkakaugnay na sangkap ng wika. Sa pagtuturo ng panitikan laging bahagi ng pagtuturo ng guro ay ang paghawan ng sagabal. Ito ay isang pamamaran na dapat makamit ng mag-aaral upang mapalawak pa ang kanilang talasalitaan. Mula sa pananaliksik ni Shanahan et al. (2010), ang pag-unawa sa wika at ang aspetong pampersonal na pag-unawa ay mabibilang ding isang balakid. Ang pampersonal na pag-unawa ay kinabibilangan ng kahinaan sa kasanayang pagbabasa, dagdag pa nito ay ang kakulangan sa kaalaman sa kaniyang binabasa. Sa pagkilala ng salita at

kamalayang ponolohikal, dadaan ang isang indibiduwal sa pag-*decode* na isang kritikal na pangangailangan.

*G1: "Nahihirapan ako sa mga salita na hindi ko naiintindihan…"*

Sa isa pang tugon ng isang kalahok, tinukoy niya rin ang talasalitaan bilang balakid sa kanyang wastong pagbasa ng salita. Ang pagkilala ng salita ay ang yugtong makita ng mambabasa ang mga salita at makilala agad ang kanyang bigkas nang walang kahirapan. Maraming teorya ang tumatalunton sa pagtamo ng pagbasa sa pamamagitan ng kakayahan sa pag-*decode.* Ito ay sinang-ayunan ng pananaliksik nina Ziegler at Goswani (2005) na ang pag-*decode* ng mga titik at pagkilala ng salita ay magkaugnay. Bahagi ng proseso ng pagtuturo ng guro ay ang paghawi ng sagabal sa mga paksang panitikan sa klase. Hindi lamang ito tulong sa guro upang ganap na maibigay ang konsepto ng aralin ngunit ito ay malaking ambag sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan na kaniyang babasahin, papakinggan o papanuorin. Sa madaling salita, tutulungan ng guro ang mag-aaral na mapalawak ang kanilang talasalitaan. Sa paraang ito ay mabibigyang-diin ang pag-unlad ng kritikal na pag- iisip ng isang bata mula sa naunawaang salita.

*G7: Hindi ko alam ang mga salita.*

Isa pang kalahok sa pananaliksik ang nagsabi na hindi niya alam ang salita na tumutukoy sa kahulugan. Kaugnay rin nito ang pagsusuri ni Gabig (2010) na sa mga unang yugto ng mga mag-aaral at pagkatuto ng pagbasa ay kailangang pagtuonan ang pagkilala ng mga salita bilang estratehiya. Isang proseso ang pagkilala ng salita sa pagbasa mula sa *sight word identification* at ang kakayahang gamitin ang pag-*decode* ng ponema upang mabigkas ang mga hindi pamilyar na mga salita. Ilan pang patunay nito ay ang pag-aaral nina Cain at Oakhill (2007) na ang ilang indibiduwal ay may kahusayang makakilala ng salita ngunit may kahinaan sa pagbasa. Maaaring naririnig o nababasa ng mga mag-aaral ang ilang mga salita ngunit hindi nila alam ang kahulugan nito kaya't naaapektuhan ang kasanayan. Higit na nagiging epektibo ang instruksiyon ng ponema kung parehong pinagtutuonan ang pag-decode at pag-unawa ng salita. Ngunit ayon kay Elhassan et al. (2017), kaniyang ipinaliwanag na may impluwensiya ang pagsasama ng tunog, pagkilala ng salita, at komprehensiyon sa edad 9-12 taong gulang. Ipinaliwanag nila dito na hindi ito sapat sa pagpapaunlad ng katatasan sa pagbasa sa mga unang yugto ng pag-unlad ng kaisipan ng mga bata. Ang isa pang kritikal na bahagi ng pagkilala ng salita ay ang *decoding*. Kinakailangan maunawaan ng mga bata ang prinsipyo ng alpabeto at

malaman ang katumbas ng titik at tunog.

Ang hindi matagumpay na pagpagpapaunlad sa kamalayan sa mga tunog sa pasalita ay maaaring maging sagabal sa pagitan ng pagkatuto ng pasalita at pagbasa ng mga teksto mula sa iba't ibang uri ng sanggunian na angkop sa antas ng mga mag-aaral.

*G4: "Hindi ko alam basahin kapag tatlo na (tunog o pantig)."*

Mula sa pagpapaliwanag ng kalahok, tinukoy niya na may kahirapan siyang kilalanin ang tunog ng salita. Sa kalagayang ito ng mag-aaral, saklaw nito ang kamalayang ponolohikal na isang kakayahang makilala ang bawat titik at ang katumbas na tunog na siyang batayan upang mag-decode sa pasalita (Elhassan et al., 2017). Nangangailangan ng maraming kasanayan at elemento upang makamit ang pagkilala ng salita tulad ng kamalayang ponemiko (*phonemic awareness*) at palatinigan (*phonics*) at marami pang kakayahan at elemento upang makamit ang pag-unawa sa binabasa. Isa na rito ang talasalitaan na nabanggit sa pananaliksik ni Muray (2016) sapagkat ang talasalitaan ay tumutulong upang maiugnay ng mag-aaral ang kaniyang karanasan sa kaniyang binabasa, makakilala ng pinakamaliit na yunit ng salita at mapabuti ang kakayahang magbasa. Ang paunang kritikal na layunin ng pagbasa ay ang tiyaking makilala agad at awtomatikong pagkilala ng tunog (Garnett, 2011). Ang tunog ay ang pinakauna at pinakamadaling natatamo ng mga bata sa wika. Kasunod nito ay ang pagpapantig na higit na komplikado sa pagkatuto (Munger, 2016). Kaugnay ng kamalayan sa tunog ng salita ay ang pagkilala ng salita. Ang kakayahang pagbaybay ay may kaugnayan sa kamalayang ponolohikal ng isang bata lalo na ang yunit ng ponema (Milankov et al., 2021). Ito ay ang abilidad na makilala ang bawat titik at ang katumbas na tunog na siyang batayan upang maka-decode sa pasalita patungong ponema, pantig, paunang tunog (*onsets*) at tugma (*rhymes*) sa pagpapaliwanag pa ni Elhassan et al., (2017). Ang pagbibigay ng epektibong instruksiyon sa mga bata ng katumbas na titik at tunog at kung papaano ito magamit upang mag-decode ay napakahalaga dahil magreresulta ito ng pakinabang sa pagkilala ng salita (Brady, 2011). Sa paglinang ng pag-decode, epektibong pamamaraan ang unang pagtuturo ng mga titik na madalas na gamitin patungo sa kalimitang mga titik na ginagamit (Brady 2011). Kasabay na ring natututunan ng mga mag-aaral ang ibang aspetong pang-akademiko tulad na lamang ng kasanayang panggramatika.

### 3.2.2 Hindi aktibong pakikisangkot sa pagbasa

Isa sa lumabas na dahilan ng mga kamalayang ponolohikal sa kamalian

ng pagbabasa ng mga mag-aaral ay ang hindi aktibong pakikisangkot sa pagbasa:

*G1: "Noong nagbabasa ako, mabilis ang pintig ng tibok ng puso. Minsan kinakabahan."*

Sa pahayag ng kinapanayam, nakapagbibigay ng epekto sa kanyang pagbabasa ang kanyang interes sa gawain. Ang positibong persepsiyon sa pagbasa ay isang malaking salik sa pagtamo ng epektibo at positibong resulta ng kasanayang ito. Sa pananaliksik ni Setiawan (2019), ang sinaliksik na estratehiya (*skimming at scanning*) ng pagbabasa ay naging positibo ito dahil sa interes at kawilihan ng mga mag-aaral na isagawa ang estratehiya. Kung saan lumabas na nagdulot ang estratehiyang ito ng pakikisangkot ng mag-aaral sa pagbasa. Ang pagganyak sa mga mag-aaral na magbasa ay isang estratehiyang tumutulong sa mga mag-aaral upang makisangkot sa pagkatuto (Fatmawati, 2014). Sa pagtalakay naman ni Munger (2016), lumabas na ang hindi aktibong pakikisangkot ay isang salik sa kamalayang ponolohikal na nakakaapekto sa makrong kasanayang ito.

Kaya't magiging mabisa ang pagbabasa kung nakikilala ng isang indibiduwal ang mga benepisyong taglay ng makrong kasanayang ito na hindi lamang para sa layuning akademiko bagkus sa kanyang personal na pangangailangan din. Ang pagbasa ay mahalagang gawain na nagbibigay ng maraming benepisyo. Bagaman maraming kabutihang dulot ng pagbasa, may pagbaba ng interes sa pagbasa ng mga mag-aaral mula sa epekto ng social media kung saan ito ay lumalalang isyu sa kasalukuyan (Ahmed, 2019).

Ang makrong kasanayang ito ay makakaapekto sa kabuoang pagkatuto ng mag-aaral sa paaralan. Samakatuwid, sanhi ng mababang gawaing pagbasa ay ang mababang akademikong pagganap, mababang resulta ng pagsusulit, malaking bahagdan ng pagbagsak ng grado, pagtamo ng anti-sosyal na pag-uugali at mababang pag-unawa (Anyira & Udem, 2020). Ang kawilihan ng mga mag-aaral sa pagbasa ay higit na makakaambag sa kabisaan at pagiging epektibo nito. Magiging susi ito ng pagtamo ng karunungan at tagumpay (Castles et al., 2018).

*G7: "Hindi ako nagbabasa ng libro dahil naglalaro ako lagi ng cellphone."*

Mula sa isa pang tugon ng mag-aaral, isang aspeto ang kawilihan ng isang indibiduwal sa kasanayang ito. Ang kaugaliang pagbabasa ay nakaiimpluwensya sa pag-intindi at pagkamit ng pagkatuto (Adu-Sarkodee et al., 2015). Ang interes ng isang tao ay nakasalalay sa magiging resulta nito (Simko, 2020). Ito ang naitatag na gawi at pag-uugali ng isang bata sa pagbasa. May malaking gampanin ito sa pagtamo ng layunin ng pagbasa dahil higit na makakamit ng isang indibiduwal ang pagkatuto mula sa

pagbasa kung regular na nitong nagagawa ang kasanayang ito nang bukal sa loob at hindi sapilitan.

## KONGKLUSYON

Base sa datos na nakalap sa pag-aaral na ito, lumabas na ang kadalasang kamalian ng mga mag-aaral na nasa kabiguang antas sa pagbabasa sa Filipino ay ang sumusunod: ang *pag-uulit, pagpapalit* at *pagkakaltas*. Sa mga kamaliang ito ay naapektuhan ang pagbabasa at pag-unawa ng mga mag-aaral. Gayundin lumabas na ang hindi pamilyar na salita at hindi aktibong pakikisangkot sa pagbabasa ng mga mag-aaral ang siyang nakakaapekto sa kanilang kakayahang magbasa sa Filipino.

Sa pamamagitan ng mabusising pag-analisa ng mga datos, nabuo ang mga sumusunod na rekomendasyon. Una ay linangin at paibayuhin ang instruksiyon at pagdisenyo ng mga guro sa gawaing tutugon sa ponolohikal na kamalian sa pagbabasa ng mga nasa kabiguang antas. Gayundin ang pagpapaunlad ng guro sa kamalayang ponema na siyang nakakaapekto sa unang yugto ng pagbasa na siyang magiging susi sa mga guro na luminang ng balidong kagamitan upang matasa ang pagbasa ng mga mag-aaral. Kinakailangan rin ng masusing pagsusuri ng mga mananaliksik sa ugnayang ponolohikal na kakayahan at ang pag-unawa sa pagbabasa ng mga mag-aaral. Gayundin ang malalimang pagsusuri ng dahilan kung bakit pag-uulit, pagpapalit at pagkakaltas ang kalimitang kamalian sa pagbabasa sa pananaw ng sikolinggwistika.

## PAGPAPASALAMAT

Taos-pusong pasasalamat ang gustong ipahayag ng mananaliksik sa mga naging tanglaw, instrumento at inspirasyon para mapaunlad pa at matamo ang karunungang hinahangad. Sa Poong Lumikha na nagkaloob ng lahat ng biyaya lalo na ang dunong.

Kay Dr. Dominga Tomas, isa sa kaniyang guro sa pagkuha ng Doktor sa Pilosopiya sa Filipino na gumabay, nagturo, nagbabahagi ng karunungan, at nag-intindi sa mananaliksik kaya tagumpay na natapos ang pananaliksik na ito. Malaking tulong ang iyong pagbabahagi ng kakayahan at talino sa pananaliksik.

Kina Dr. Faustina T. Dio-as, Dr. Dominic Patric G. Galdonez at Dr. Nancy T. Ubilas, ang mga miyembro ng ebalweytor sa kanilang pagbabahagi ng talino sa ikauunlad ng pananaliksik.

Sa mga kalahok na naging masigasig na nakilahok sa pangangailangan

ng pananaliksik, maraming salamat sa inyo. Gayundin sa mga kaklase ng mananaliksik na tumulong sa pagbabahagi ng dunong.

Agyamanak!

## FUNDING

Ang pananaliksik na ito ay hindi bahagi ng anumang research project at hindi gumamit ng anumang pondo mula sa anumang institusyon. Lahat ng gastos para sa papel na ito ay galing sa mananaliksik.

## AUTHORSHIP CONTRIBUTION

Charlene L. Uson: Kabuoang Pananaliksik (Konseptuwalisasyon, Introduksiyon, Metodolohiya, Balidasyon ng Resulta at Diskusyon, Kongklusyon)

## DECLARATION OF COMPETING INTEREST

Ipinahahayag ng awtor na walang mga salungat na mga interes, sa pinansyal man o anumang bagay na maaaring makaapekto sa resulta o interpretasyon ng artikulo.

## DECLARATION OF USE OF GENERATIVE AI / AI-ASSISTED TECHNOLOGIES

Walang anumang ginamit na AI at AI-assissted techonologies ang mananaliksik sa pagsulat na artikulo.

## REPERENSIYA

Adu-Sarkodee, R., Asante, E., & Akussah, M. (2015). Relationship between uses of social media on reading habits: Evidence from senior high students in Ghana. *Information and Knowledge Management, 5*(11), 26-32. https://www.iiste.org/Journals/index.php/IKM/a rticle/dow nload/26981/27664

Ahmed, A. (2019). *Social media vs decline of reading culture*. https:// thetriumphnews.com/social-media-vs-decline-of-reading- culture/

Al-Rubaat, A., & Alshammari, H. (2020). Analysis of phonetic and phonological constraints of Saudi EFL learners. *English Language Teaching, 13*(1), 63-72. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1239139

Anyira, I., & Udem, O. (2020). Effects of social media addiction on reading culture: A study of Nigerian students. *Library Philosophy and Practice (e-journal)*. 4170. https://digitalcommons.unl.edu/libphilprac/4170

Brady, S. (2011). Efficacy of phonics teaching for reading outcomes:

Indicators from post- nrp research. In S. A. Brady, D. Braze, & C. A. Fowler (Eds.), *Explaining individual differences in reading: Theory and evidence.* https://haskinslabs.org/sites/default/files/file s/Reprints/HL1652

Cain, K., & Oakhill, J. (2007). Reading comprehension difficulties: correlates, causes, and consequences. In K. Cain & J. Oakhill (Eds.), *Children's comprehension problems in oral and written language: A cognitive perspective* (pp. 41–75). The Guilford Press.

Castles, A., Rastle, K., & Nation, K. (2018). Ending the reading wars: Reading acquisition from novice to expert. *Psychological Science in the Public Interest, 19*(1), 5–51. https://doi.org/10.1177/1529100618772271

Castles, A., Davis, C., Cavalot, P., & Forster, K. (2007). Tracking the acquisition of orthographic skills in developing readers: Masked priming effects. *Journal of Experimental Child Psychology, 97*(3), 165–182. https://doi.org/10.1016/j.jecp.2007.01.006

DepEd-PHIL-IRI. (2018). *The Philippine Informal Reading Inventory Manual* (1st ed.) Pasig City: Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Elhassan, Z., Crewther, S. G., & Bavin, E. L. (2017). The contribution of phonological awareness to reading fluency and its individual sub-skills in readers aged 9- to 12-years. *Frontiers in Psychology, 8.* https://doi.org/10.3389/fpsyg.2017.00533

Fatmawati, Y. (2014). The impact of using skimming and scanning strategies of descriptive text towards students' reading comprehension at grade eight of Smpn 22 Bandar Lampung. http://artik el.ubl.ac.i d/index.php

Smith Gabig, C. (2009). Phonological awareness and word recognition in reading by children with autism. *Communication Disorders Quarterly, 31*(2), 67–85. https://doi.org/10.1177/1525740108328410

Garnett, K. (2011). Fluency in learning to read: Conceptions, misconceptions, learning disabilities, and instructional moves. In J. R. Birsh (Ed.), *Multisensory teaching of basic language skills* (p. 293-320). Baltimore, MD: Brookes Publishing.

Hanks, H. (2013). *What are phonological processes.* Mommy speech therapy. https://mommyspeechtherapy.com/?p=2158

Jegerski, J. (2013). Self-paced reading. In *research methods in second language psycholinguistics* (pp. 36-65). Routledge. https://www.taylorfrancis.com/chapters/edit/10.4324/9780203123430-8/self-pacedreading-jill-jegerski.

Honrado, F. B., & Biray, E. T. (2022). Error analysis in spoken English among grade 12 students. *International Journal of Educational Management and Development Studies, 3*(1). https://doi.org/10.53378/352863

Kiew, S., & Shah, P. M. (2020). Factors affecting reading comprehension among Malaysian ESL elementary learners. *Creative Education, 11*(12), 2639–2659. https://doi.org/10.4236/ce.2020.1112196

Mag-atas, R., San Juan, G., San Juan, C., De Leon, Z., Ortiz, M., Roquino, N., Canega J., & Cabaysa, W. (2008). *Komunikasyon sa Akademikong Filipino*. Booklore Publishing Corporation.

Mahmud, C. Binti Y., & Gopal, R. (2018). Miscue analysis: A glimpse into the reading process. *Studies in English Language and Education, 5*(1), 12–24. https://doi.org/10.24815/siele.v5i1.9927

Martin, G., & Carlson N. (201). *Psychology.* Pearson. https://books.google.com.ph/books?id=c2rfswEACAAJ

Milankov, V., Golubović, S., Krstić, T., & Golubović, Š. (2021). Phonological awareness as the foundation of reading acquisition in students reading in transparent orthography. *International Journal of Environmental Research and Public Health, 18*(10). https://doi.org/10.3390/ijerph18105440

Munger, K. (2016). *Steps to success: Crossing the bridge between literacy research and practice.* Milne Library. https://milnepublishing.geneseo.edu/steps-to-success/

Muray, M. (2016). *Word recognition skills- one of two essential component of reading comprehension.* Milne Library. https://milnepublishing.geneseo.edu/steps-to-success/chapter/3-word-recognition-skills-one-of-two-essential-components-of-reading-comprehension/

Nuncio, E., Nuncio R., Gragarin, J., Valenzuela, R., & Malabuyoc, V. (2013). *Makabuluhang Filipino sa iba't ibang pagkakataon: Batayang aklat sa pagbasa, pagsulat, at pananaliksik sa antas pangkolehiyo.* C & E Publishing, Inc.

National Institute of Child Health and Human Development. (2000). *Report of the National Reading Panel: Teaching children to read.* http://www.nichd.nih.gov/publications/pu bs/nrp/documents/report pdf hinango noong

Purnama, S., Farikah, F., Purwanto, B. E., Wardhani, S., Kholid, I., Huda, S., & Joemsittiprasert, W. (2019). The impact of listening phonological errors on speaking: A case study on English education. *Journal for the Education of Gifted Young Scientists,* 899–913. https://doi.org/10.17478/

jegys.622005

Risdianto, F. (2017). A phonological analysis on the English consonants of Sundanese EFL speakers. *JURNAL ARBITRER, 4*(1), 27. https://doi.org/10.25077/ar.4.1.27-37.2017

Simko, J., Hanakova, M., P. Racsko, Matus Tomlein, Moro, R., & Mária Bieliková. (2019). Fake News Reading on Social Media. *Proceedings of the 30th ACM Conference on Hypertext and Social Media (HT '19),* 1-10. https://doi.org/10.1145/3342220.3343642

Setiawan, A. H. (2019). *The use of skimming and scanning techniques in reading comprehension for TOEFL* [Undergraduate thesis]. Institutional Repository of UIN Ar-Raniry Banda Aceh. https://core.ac. uk/download/pdf/ 293474101

Shanahan, T., Callison, C., Carriere, K., Duke, C., Pearson, N. K., Schatschneider, P. D., & Torgesen. J. (2010). *Improving reading comprehension in kindergarten through 3rd grade: A practice guide* (NCEE 2010-4038). Washington, DC: National Center for Education Evaluation and Regional Assistance, Institute of Education Sciences, U.S. Department of Education. whatworks.ed.gov/publications/practiceguides.

Spalding, N. V. (1972). Psycholinguistics and reading. *Proceedings of the Annual Conference of the Western College Reading Association, 5*(1), 130–135. https://doi.org/10.1080/24699365.1972.11669462

Staub, A., Chen, A., Peck, E., & Taylor, N. (2024). Estimating the rate of failure to notice function word errors in natural reading. *Psychonomic Bulletin & Review.* https://doi.org/10.3758/s13423-024-02586-1

Ware, M. (2013). The three types of spelling errors. https://www.mw-literacy.com/blog/2022/ 4/17/the-three-types-of-spelling-errors

Ziegler, J. C., & Goswami, U. (2005). Reading acquisition, developmental dyslexia, and skilled reading across languages: A psycholinguistic grain size theory. *Psychological Bulletin, 131*(1), 3–29. https://doi.org/10.1037/0033-2909.131.1.